HPV

na tinatawag ding *Human Papillomavirus*

Bilang magulang, ginagawa mo ang lahat upang mapangalagaan ang kalusugan ng iyong mga anak, para sa ngayon at sa hinaharap. Ngayon, may malakas nang panlabang makakapigil sa pagkakaroon ng ilang uri ng cancer sa ating mga anak: ito ay ang bakuna para sa HPV.

HPV at Cancer

Ang HPV ay isang acronym para sa Human Papillomavirus, isang pangkaraniwang uri ng virus. Kada taon sa United States, humigit-kumulang 17,500 babae at 9,300 lalaki ang naaapektuhan ng mga cancer na nauugnay sa HPV. Marami sa mga cancer na ito ay **maaaring mapigilan sa pamamagitan ng pagpapabakuna.** Sa mga babae at lalaki, maaaring magdulot ang HPV ng anal cancer at mouth/throat (oropharyngeal) cancer. Sa mga babae, maaari din itong magdulot ng mga cancer sa cervix, vulva at ari; sa mga lalaki naman, maaari din itong magdulot ng cancer sa ari.

Para sa mga babae, nariyan ang screening, na magagamit sa pagtukoy sa karamihan ng mga kaso ng pagkakaroon ng cervical cancer sa pamamagitan ng isang Pap smear. Sa kasamang-palad, walang regular na screening para sa iba pang mga cancer na nauugnay sa HPV para sa mga babae o lalaki, kaya patuloy na magdudulot ng pananakit, paghihirap o kaya ay hahantong sa pagkamatay ang mga cancer na ito. **Kaya naman, mahalagang mabigyan ang isang tao ng bakunang makakapigil sa karamihan sa mga ganitong uri ng cancer.**

Iba pang impormasyon tungkol sa HPV

Ang HPV ay isang virus na naipapasa ng isang tao kapag aktwal siyang nakikipagtalik, na kinabibilangan ng pagsasagawa ng vaginal sex (pakikipagtalik gamit ang ari), oral sex (pakikipagtalik gamit ang bibig at ari) at anal sex (pakikipagtalik gamit ang puwit at ari). Pinakakaraniwan ang HPV sa mga kabataan. Halos lahat ng taong aktibo sa pakikipagtalik ay magkakaroon ng HPV nang minsan sa kanilang mga buhay, gayunpaman, hindi na ito kailanman malalaman ng karamihan sa kanila.

Kadalasan, nalalabanan ng katawan ang HPV sa natural na paraan, bago pa magdulot ang HPV ng anumang mga problemang pangkalusugan. Ngunit sa ilang pagkakataon, hindi nalalabanan ng katawan ang HPV, dahilan upang magdulot ang HPV ng mga problemang pangkalusugan gaya ng cancer at mga genital wart. Hindi nakamamatay ang pagkakaroon ng mga genital wart ngunit maaaring magdulot ang mga ito ng stress, bukod pa rito, maaaring maging hindi kumportable ang panggagamot sa mga ito. Sa United States, halos 1 sa 100 nasa wastong gulang na aktibo sa pakikipagtalik ang may mga genital wart.

Inirerekomenda ang pagpapabakuna para sa HPV sa mga kabataang may edad na 11 o 12

Kailangan ng lahat ng kabataang magpabakuna para HPV upang maprotektahan sila laban sa mga impeksyong nauugnay sa HPV na maaaring magdulot ng cancer. Kailangan din ng mga kabataang hindi nasimulan o nakumpleto ang serye ng bakuna para sa HPV na magpabakuna para sa HPV. Maaaring mabakunahan para sa HPV ang mga batang babae hangga't wala pa silang edad na 27, habang ang mga batang lalaki naman ay maaaring mabakunahan para sa HPV hangga't wala pa silang edad na 22. Ang mga batang lalaking nakikipagtalik sa kapwa lalaki, o na may mahihinang immune system, ay maaari ding magpabakuna para sa HPV hangga't wala pa silang edad na 27.

Ang bakuna para sa HPV ay isang serye ng mga bakunang ibinibigay sa loob ng ilang buwan. Itinuturing ang pagpapaiskedyul ng appointment bago umalis sa tanggapan o klinika ng doktor bilang ang pinakamahusay na paraan upang hindi makalimutang pabakunahan ang iyong anak ng lahat ng kinakailangan niyang natitirang bakuna.

Ligtas ba ang bakuna para sa HPV?

Oo. Mabusisi nang napag-aralan ang bakuna para sa HPV at patuloy pa rin itong sinusubaybayan ng CDC at Food and Drug Administration (FDA). Wala pang anumang malalang alalahaning may kaugnayan sa kaligtasan ang naiugnay sa bakuna para sa HPV. **Patuloy na ipinapakita ng mga pag-aaral na ito na ligtas ang mga bakuna para sa HPV.**

Ang mga pinakakaraniwang side effect na naiulat pagkatapos ng pagpapabakuna para sa HPV ay maituturing na hindi malala. Kinabibilangan ang mga ito ng pananakit at pamumula sa tinurukang bahagi ng braso, lagnat, pagkahilo at pakiramdam na parang nasusuka. Maaaring mahimatay ang ilang kabataan pagkatapos ng pagpapabakuna o iba pang medikal na pamamaraan. Makakatulong ang pag-upo o paghiga sa loob ng 15 minuto upang maiwasan ang pagkakaroon ng mga pinsala, sakali mang matumba ang iyong anak kapag siya ay nahimatay.

Bakit ito kailangan ng aking anak ngayon?

Maiaalok ng mga bakuna para sa HPV ang pinakamahusay na proteksyon sa mga batang matuturukan ng kumpletong tatlong dosis ng bakuna at may panahong makapagpalakas ng pagtugon ng immune system (immune response) **bago** sila magsimulang makipagtalik sa iba. Hindi naman ito nangangahulugang handa nang makipagtalik ang iyong anak. Sa katunayan, ang ibig sabihin nito—mahalagang mapabakunahan ang iyong anak bago pa ito maging isyu sa iyo at sa iyong anak. Mas maganda ang pagtugon ng immune system sa bakunang ito sa mga kabataan, ang ibig sabihin, mas mapoprotektahan ang iyong anak.

IPINAMAMAHAGI NG:

STATE of ALASKA Department of Health and Social Services

ALASKA IMMUNIZATION PROGRAM

Alaska Immunization Helpline:
888-430-4321
Email: immune@alaska.gov

DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES · USA

CDC CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION

Bibihira lang magdulot ng mga malalang side effect ang bakuna para sa HPV. Ang mga batang may mga malalang allergy sa yeast o latex ay hindi dapat pabakunahan ng ilang partikular na bakuna para sa HPV. Tiyaking ipapaalam mo sa doktor o nurse kung may anumang mga malalang allergy ang iyong anak.

Tumulong sa pagbabayad para sa mga bakuna

Ang programang Vaccines for Children (VFC) ay nagkakaloob ng mga bakuna sa mga batang may edad 18 pababa na walang insurance, kwalipikado para sa Medicaid o kaya ay maituturing na mga American Indian/Native ng Alaska. Matuto nang higit pa tungkol sa programang VFC sa **www.cdc.gov/Features/VFCprogram/**

May insurance ka man o wala, kwalipikado man para sa VFC ang iyong anak o hindi, maaari ding maningil ang mga tanggapan ng ilang doktor para sa mga bakuna.

Kwento ni Jacquelyn: "Malusog ako at walang sakit—nang magkaroon ako ng cervical cancer."

Bago ako at pagkatapos kong tumungtong sa edad na 30, sa mga taon bago ipanganak ang aking anak na babae, nagkaroon ako ng ilang abnormal na Pap smear at kinailangan kong sumailalim sa mas mabusising pagsusuri. Sinabi sa aking ang uri ng HPV na mayroon ako ay maaaring magdulot ng cancer at hindi malalang dysplasia.

Sa loob ng tatlong taon, sumailalim pa ako sa mga karaniwang pagsusuri. Ngunit pagkatapos kong sumailalim sa aking unang Pap test, matapos ipanganak ang aking anak na lalaki, sinabi sa aking kailangan kong magpa-biopsy. Ayon sa mga resulta, mayroon akong cancer, kaya pinayuhan ako ng aking doktor na magpatingin sa isang oncologist. Sa kabutihang-palad, hindi pa malala ang cancer. Walang problema sa aking mga lymph node at hindi ko kailangang sumailalim sa radiation. Ngunit kinailangan kong sumailalim sa hysterectomy kung saan kailangang ganap na alisin ang aking uterus.

15 taon na kaming nagsasama ng aking asawa, at gusto pa naming magkaanak. Ipinagpapasalamat namin ang pagkakaroon ng dalawang mababait na anak, ngunit gusto sana naming magkaanak pa— na hindi mangyayari sa ngayon.

Ang ibig ko lang sabihin, maagang natukoy ang cancer, ngunit patuloy na nakakaapekto sa aking buhay at pamilya ang mga kumplikasyon nito. Sa mga susunod na taon, kailangan kong sumailalim sa mga pelvic exam at Pap smear kada ilang buwan, susukatin ng mga doktor ang mga tumor marker, at kung kakailanganin, kailangan kong sumailalim sa mga regular na x-ray at ultrasound. Napakarami kong medikal na appointment na umuubos sa aking oras na dapat sana ay nakalaaan sa aking pamilya, mga kaibigan at trabaho.

Bukod pa rito, sa bawat pagkakataong tutunog ang telepono at alam kong ang aking oncologist ang tumatawag, hindi ako makahinga nang maayos hangga't hindi ko nalalaman ang mga resulta. Naniniwala akong makakapamuhay ako nang malusog at walang pinoproblema, ngunit hindi ko pa rin makalimutan ang cancer.

Sa maikling panahon, mula sa pagiging malusog at pagpaplanong magkaroon ng mas maraming anak, sumailalim na ako sa radical hysterectomy, at sa ngayon, sinusubukan kong tiyaking hindi na ako muling magkaroon ng cancer. Isa itong matinding pagsubok. Ngunit masuwerte ako!

Kailangan kong tiyaking malusog ako at walang sakit upang maalagaan ko ang aking mga anak. Gusto kong maabutan ang paglaki ng aking mga apo.

Gagawin ko ang lahat upang hindi maranasan ng aking mga anak ang pinagdaanan ko. Papabakunahan ko sila kaagad ng bakuna para sa HPV pagkatungtong nila sa edad na 11. Sasabihin ko sa lahat—sa aking mga kaibigan at pamilya—na pabakunahan para sa HPV ang kanilang mga anak upang makaiwas sila sa ganitong uri ng cancer.

Paano naman sa mga batang lalaki?

Hindi lang para sa mga babae ang bakuna para sa HPV! Maaari ding makatulong ang bakunang ito sa mga batang lalaki sa paglaban sa mga uri ng HPV na maaaring magdulot ng mga cancer sa bibig/lalamunan, ari at butas ng puwit. Maaari ding makatulong ang bakunang ito sa pag-iwas sa pagkakaroon ng mga genital wart. Malaki rin ang posibilidad na makatulong sa mga babae ang pagpapabakuna para sa HPV sa mga lalaki, dahil mapipigilan nito ang pagkalat ng mga HPV virus.

Matuto nang higit pa tungkol sa HPV at bakuna para sa HPV sa **www.cdc.gov/hpv**

Upang makatanggap ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga inirerekomendang bakuna para sa mga kabataan: **800-CDC-INFO** *(800-232-4636)*
http://www.cdc.gov/vaccines/teens